



Hunyo 19, 2020

Mahal na mga Magulang at mga Tagapag-alaga,

Sa araw na ito, ipinahayag ng Premier at Ministro ng Edukasyon ang [mga patnubay ng Pamahalaan ng Ontario](#) para sa pagbalik sa paaralan sa Setyembre. Ang mga lupon ng paaralan sa buong Ontario ay hinihilingan na maghanda para sa tatlong mga posibleng senaryo na magdedepende sa sitwasyon sa kalusugan ng publiko sa panahong iyon:

- **Normal na rutina ng araw ng paaralan na may pinabuting mga protokol sa pampublikong kalusugan:** Ang mga mag-aaral ay pumapasok sa paaralan araw-araw, sa mga klase na sumasalamin sa mga regulasyon ng pamantayang laki ng klase.
- **Binagong rutina ng araw ng paaralan:** Batay sa payo ng pampublikong kalusugan, ang isang inangkop na modelo ng paghahatid ay dinisenyo upang magpahintulot para sa pisikal na pagdidistansiya at mga pangkat ng mga mag-aaral. Sa ilalim ng modelong ito, ang mga lupon ng paaralan ay hinilingan na magpanatili ng isang limitasyon na 15 mga mag-aaral sa isang tipikal na silid-aralan sa isang panahon at magpatibay ng tala-orasan na magpapahintulot sa mga mag-aaral na manatiling may kontak lamang sa kanilang mga kamag-aral at isang guro para sa katagalan ng araw ng paaralan hangga't maaari. Ang modelong ito ay mangangailangan ng kahaliling araw o kahaliling linggo na paghahatid sa isang pangkat ng klase sa isang oras.
- **Pag-aaral sa bahay:** Kung pahabain ang pagsasara ng paaralan, o pipiliin ng ilang mga magulang na huwag ipadala ang kanilang anak sa paaralan, ang mga lupon ng paaralan ay kailangang maging handa upang mag-alok ng malayuang edukasyon. Ang malayuang edukasyon ay dapat maihatid sa online sa abot ng makakaya, kabilang ang pagtatatag ng minimum na inaasahan para sa mga mag-aaral na magkaroon ng direktang pakikipag-ugnay sa kanilang guro nang sabay-sabay, na kilala rin bilang magkakasabay na pag-aaral. Ang magkakasabay na pag-aaral ay maaaring magamit bilang bahagi ng buong pagtuturo sa klase, sa mas maliit na mga grupo ng mga mag-aaral, at/o sa isang konteksto nang direktang pagtatagpo.

Ang TDSB ay naggagalugad at nagpaplano para sa lahat ng mga posibilidad na ito sa loob ng mga nakaraang ilang linggo at magtatrabaho na ngayon patungo sa pagtatapos ng mga plano, batay sa anunsyo ngayon. Upang karagdagan pang makatulong at ipaalam ang aming mga plano, hinihiling ng TDSB sa mga magulang/mga tagapag-alaga, kawani at mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga saloobin tungkol sa pagpaplano para sa Setyembre sa pamamagitan ng pagkukumpleto ng mga pagsisiyasat sa online. Ang mahalagang katugunan na ito ay makakatulong sa gawain ng TDSB habang kami ay nagpapasya ng mga plano para sa Setyembre. Mangyaring puntahan ang Pagsisiyasat sa Magulang/Tagapag-alaga [dito](#) at ang Grado 7 hanggang 12 na Pagsisiyasat sa Mag-aaral [dito](#).

Ang mga lupon ng paaralan ay hinilingan na magsumite ng kanilang mga plano sa Ministeryo ng Edukasyon bago mag-Agosto 4, 2020 at ang TDSB ay nakatalaga na magbahagi ng mga plano sa mga komunidad ng paaralan kapag naaprubahan na sila, bago ang pagsisimula ng paaralan. Nais naming tiyakin na ang lahat ng mga mag-aaral at mga pamilya ay nakahandang mabuti at nalalaman kung ano ang aasahan kapag bumalik sa paaralan sa Setyembre.



Palagi, kami ay patuloy na mag-a-update sa inyo kapag ang karagdagang impormasyon ay makukuha na.

Matapat,

A handwritten signature in black ink, appearing to read "John Malloy".

John Malloy
Direktor ng Edukasyon

